



Ang Medicare ay ang sistema ng pangangalaga ng kalusugan sa Australia

Ang Medicare ay tumutulong sa pagbabayad ng mga gastos sa ilang mga serbisyo ng pangangalaga sa kalusugan.

Paano gumagana ang Medicare

Kami ay nagbibigay ng mga bayad at serbisyo na maaaring makatulong kung ikaw o ang taong minamahal mo ay gumagamit ng mga serbisyo ng pangangalaga sa kalusugan o bumibili ng mga gamot.

Kung ikaw ay kwalipikado, ang Medicare ay nakakatulong sa:

- libre o mas murang panggagamot ng mga doktor, espesyalista, optometris, at sa ilang mga kaso ang mga dentista, at ibang aprobadong propesyonal sa kalusugan
- mababang bayad ng gamot
- libreng pagpapagamot at tuluyan sa isang pampublikong ospital.

Paano magpatala sa Medicare

Maaari kang magpatala sa Medicare sa pamamagitan ng:

- sa online sa pamamagitan ng iyong myGov account
- pagkumpleto ng Medicare enrolment form.

Irrehistro ka namin bilang isang indibidwal para sa Medicare Safety Nets bilang bahagi ng iyong pagpapatala. Maaari kang magparehistro bilang mag-asawa o isang pamilya kung kailangan.

Para sa karagdagang impormasyon sa Ingles tungkol sa Medicare Safety Nets, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/safetynet

Pagpapatala sa online

Maaari kang makapagtala sa Medicare sa online bilang isang indibidwal o isang pamilya sa pamamagitan ng myGov.

Upang magpatala sa online, ikaw at ang iyong mga miyembro ng pamilya ay kailangang:

- naninirahan sa Australia
- mayroong isang napapanahon na pasaporte o ImmiCard
- mayroong tunay na mga detalye ng visa mula sa Department of Home Affairs kung hindi ka isang mamamayan ng Australia.

Kung magpapatala ka sa Medicare gamit ang iyong myGov account, maaari mong manmanan ang progreso ng iyong aplikasyon.

Hihingin ka naming idagdag ang mga detalye ng iyong account ng bangko upang maaari naming bayaran ang iyong mga pagbabayad sa Medicare. Ihanda ang iyong mga detalye ng pagbabangko.

Kailangan mong ibigay sa amin ang mga sumusuportang dokumento depende sa iyong kalagayan. Maaaring kailangan mong ma-translate ang iyong mga dokumento. Kung ang mga ito ay hindi sa Ingles, maaari naming isalin ito nang libre.

Para sa karagdagang impormasyon sa Ingles tungkol sa kung anong mga dokumento ang maaaring mong kailangan, magpunta sa [servicesaustralia.gov.au/enrolling-medicare](https://www.servicesaustralia.gov.au/enrolling-medicare)

Kung gusto mong magpatala bilang isang pamilya, kailangan mo kaming bigyan ng mga detalye at mga dokumento ng pagkakakilanlan para sa sinumang mga bata na wala pang 15 taong gulang.

Kung gusto mong isama ang sinumang 15 o mas matanda, kailangan mong ibigay sa taong iyan ang iyong myGov online application number.

Kailangan nila ang numero upang maibigay nila sa amin ang kanilang mga detalye at mga dokumento ng pagkakakilanlan upang makumpleto ang kanilang pagpapatala sa Medicare. Upang magawa ito, kailangan nila ang kanilang sariling myGov account.

Maaari mo lamang na ipatala ang hanggang sa 8 ibang mga tao sa iyong online application. Mung kinakailangan mong ipatala ang mas maraming tao, kailangan mong gamitin ang Medicare enrolment form, magpunta sa [servicesaustralia.gov.au/ms004](https://www.servicesaustralia.gov.au/ms004)

Pagpapatala gamit ang isang form

Kailangan mong kumpletuhin ang isang Medicare enrolment form, magpunta sa [servicesaustralia.gov.au/ms004](https://www.servicesaustralia.gov.au/ms004)

Maaari mong ipadala o i-email ang nakumpletong form at mga sumusuportang dokumento sa MES@servicesaustralia.gov.au. Kung mag-email ka sa amin, isama ang 'Medicare enrolment' sa subject line ng email.

Kailangan mong bigyan kami ng mga sumusuportang dokumento depende sa iyong kalagayan. Maaari mong kailangang ipa-salin ang iyong mga dokumento. Kung ang mga ito ay hindi nasa Ingles, maaari naming ipasalin ito nang walang bayad.

Para sa karagdagang impormasyon sa Ingles tungkol sa kung anong mga dokumento ang maaari mong kailangan, magpunta sa [servicesaustralia.gov.au/enrolling-medicare](https://www.servicesaustralia.gov.au/enrolling-medicare)

Medicare card

Makakatanggap ka ng isang Medicare card sa koreo kung nakapagpatala ka. Ipapadala namin ito sa address na ibinigay mo sa amin. Maaari ka ring makakuha ng isang digital na kopya ng iyong Medicare card. Kailangan mong mag-sign in sa Express Plus Medicare mobile app upang magamit ito.

Para sa karagdagang impormasyon sa Ingles tungkol sa Express Plus Medicare mobile app, magpunta sa [servicesaustralia.gov.au/expressplusmedicare](https://www.servicesaustralia.gov.au/expressplusmedicare)

Upang magamit ang mga app, kailangan mo ng isang myGov account na naka-link sa iyong Medicare online account. Kung wala ka nito, i-set up mo ang mga ito at pagkatapos ay i-download ang mga app.

Kailangan mo ng isang tunay na Medicare card upang:

- humabol ng mga benepisyo ng Medicare
- bumisita sa isang doktor na mag-bulk bill
- magpagamot bilang isang pampublikong pasyente sa isang pampublikong ospital
- makakuha ng mga mas murang gamot.

Makakatulong din sa iyo ang iyong Medicare card kung ikaw ay isang pribadong pasyente na nagpapagamot sa isang pampubliko o pribadong ospital.

Maaari kaming mag-isyu ng pinakamaraming bilang na 2 card sa isang pamilya. Kung ikaw ay 15 taong gulang o mas matanda, maaari kang makakuha ng iyong sariling Medicare card.

Kung wala o manakaw ang iyong Medicare card, maaari kang makakuha ng isang bago gamit ang iyong Medicare online account o ang Express Plus Medicare mobile app.

Para sa karagdagang impormasyon sa Ingles, magpunta sa servicesaustralia.gov.au/medicarecard

Irehistro ang mga detalye ng iyong account sa bangko

Kailangan namin ang mga detalye ng iyong account sa bangko upang mabayaran namin sa iyo ang iyong mga benepisyo sa Medicare. Kung wala sa amin ang iyong mga detalye, hahawakan namin ang iyong benepisyo hanggang ipagsabi mo ito sa amin.

Maaari mong irehistro ang iyong mga detalye ng account sa bangko gamit:

- ang iyong Medicare online account sa pamamagitan ng myGov
- ang Express Plus Medicare mobile app.

Kailangan mong:

- may hawak ng iyong Medicare card at mga detalye ng account sa bangko (BSB, numero ng account at pangalan ng account) kapag magrehistro ka
- ipaalam sa amin kung magbabago ang iyong mga detalye.

Para sa karagdagang impormasyon sa Ingles, magpunta sa servicesaustralia.gov.au/medicareservices

Paghahabol

Maaari kang maghabol para sa mga serbisyon pangkalusugan para sa sinumang nakalista sa iyong Medicare card.

Ang mga kawani sa opisina ng iyong doktor ay maaaring magsumite sa paghahabol sa ngalan mo kung nag-aalay sila ng elektronikong paghabol. Kung ang opisina ng iyong doktor ay hindi nakakapagsumite ng paghahabol sa ngalan mo, maaari kang magsumite ng isang paghabol:

- gamit ang iyong Medicare online account sa pamamagitan ng myGov
- gamit ng Express Plus Medicare mobile app
- nang personal sa isang service centre
- sa koreo sa pamamagitan ng pagkompleto ng isang Medicare Claim form (MS014).

Maaari ka ring humabol para sa ibang tao na nasa ibang Medicare card kung binayaran mo ang serbisyo. Hindi mo maaaring gawin ito sa online.

Upang malaman ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga opsyon ng paghahabol sa Ingles, magpunta sa servicesaustralia.gov.au/medicareclaiming

Reciprocal Health Care Agreements (Nagdadamayan na mga Kasunduan sa Pangangalaga sa Kalusugan)

Hindi sasagutin ng Medicare ang mga pagpapagamot kapag ikaw ay nasa ibang bansa.

Gayunpaman, ang Pamahalaan ng Australia ay lumagda ng Reciprocal Health Care Agreements (RHCA) sa ilang mga bansa upang sagutin ang bayad ng mga Australyano sa mga kailangang-kailangan na pagpapagamot habang sila ay bimibisita sa mga bansang ito.

Ang mga bisita mula sa mga bansang ito ay maaari ring makakuha ng ilang mga pangkalusugang serbisyo at mas murang mga gamot kung sila ay nasa Australia.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa RHCA sa Ingles, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/rhca

Ang self service ng Medicare

Madaling makikipagnegosyo sa amin kahit kailan at saan man. Maaari kang gumawa ng karamihang mga bagay ng mabilisan at madali na hindi kailangang tumawag o bumisita sa amin.

Gamitin ang iyong Medicare online account at Express Plus Medicare mobile app upang gumawa ng isang paghahabol, baguhin ang iyong mga detalyeng personal at bank account o humiling ng kapalit o duplicate ng Medicare card. Maaari mo ring tingnan ang iyong immunisation statements at marami pang iba.

Ang Medicare online account

Maaari kang magparehistro para sa Medicare online account sa pamamagitan ng myGov. Ito ay isang may seguridad na paraan sa iyong makitungo sa Medicare kung kailan at saan ito nababagay sa iyo.

Upang malaman kung paano magparehistro sa Ingles, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/medicareonline

Ang Express Plus Medicare mobile app

Maaari ka ring makagawa ng maraming mga bagay gamit ng Express Plus Medicare mobile app. Kung mayroon ka nang Medicare online account, maaari mo nang i-download ang app mula sa App Store, Google Play o sa Windows Store.

Upang dagdagan ang kaalaman tungkol sa app sa Ingles, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/expressplus

Para sa karagdagang impormasyon

- Pumunta sa servicesaustralia.gov.au/medicareservices para sa karagdagang impormasyon sa Ingles
- Pumunta sa servicesaustralia.gov.au/yourlanguage kung saan ay maaari mong basahin, pakinggan o panoorin ang impormasyon sa iyong wika
- Tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Centrelink
- Tumawag sa **132 011** para sa Medicare at sa **131 272** para sa Child Support. Sabihin sa amin kung kailangan mo ng interpreter, at maghahanda kami ng libre
- Bumisita sa isang sentro ng serbisyo.

Paalala: Ang mga tawag mula sa iyong telepono sa bahay sa mga '13' na numero mula saan man sa Australia ay sinisingil sa isang nakapirming presyo. Ang presyong iyon ay maaaring kakaiba sa presyo ng isang lokal na tawag at maaaring kakaiba rin sa pagitan ng mga tagapagbigay ng serbisyo ng telepono. Ang mga tawag sa mga numero '1800' mula sa iyong telepono sa bahay ay libre. Ang mga tawag mula sa mga pampublikong telepono at mga mobile ay maaaring inoorasan at sisingilin nang mas mataas na presyo.

Pagtatatwa

Ang impormasyong taglay sa paglalathalang ito ay naglalayon lamang na maging patnubay sa mga kabayaran at serbisyo. Responsabilidad mong magpasya kung nais mong mag-aplay para sa isang kabayaran at gumawa ng aplikasyon ayon sa iyong partikular na mga sitwasyon.

Medicare is Australia's health care system

Medicare helps cover the cost of some health care services.

How Medicare works

We provide payments and services that can help when you or someone you care for use health care services or buy medicines.

If you are eligible, Medicare helps with:

- free or cheaper treatment by doctors, specialists, optometrists, and in some cases dentists and other approved health professionals
- low cost medicine
- free treatment and accommodation in a public hospital.

How to enrol in Medicare

You can enrol in Medicare either:

- online through your myGov account
- by completing a Medicare enrolment form.

We will register you as an individual for the Medicare Safety Nets as part of your enrolment. You can register as a couple or family if you need.

For more information in English about Medicare Safety Nets, go to servicesaustralia.gov.au/safetynet

Enrolling online

You can enrol online in Medicare as either an individual or a family through myGov.

To enrol online you and your family members need to:

- live in Australia
- have a current passport or ImmiCard
- have valid visa details from the Department of Home Affairs if you're not an Australian citizen.

If you enrol in Medicare using your myGov account, you can track the progress of your application.

We will ask you to add your bank account details so we can pay you Medicare payments. Have your banking details ready.

You need to give us supporting documents depending on your circumstances. You may need to have your documents translated. If they are not in English we can translate it for free.

For more information in English about what documents you may need, go to servicesaustralia.gov.au/enrolling-medicare

If you want to enrol as a family, you need to give us details and identity documents for any children under 15.

If you want to include someone 15 or older, you need to give that person your myGov online application number.

They need the number to give us their details and identity documents to complete their Medicare

enrolment. To do this they need their own myGov account.

You can only enrol up to 8 other people in your online application. If you need to enrol more people you need to use the Medicare enrolment form, go to servicesaustralia.gov.au/ms004

Enrolling with a form

You need to complete a Medicare enrolment form, go to servicesaustralia.gov.au/ms004

You can either mail or email the completed form and supporting documents to MES@servicesaustralia.gov.au. If you email us, include 'Medicare enrolment' in the email subject line.

You need to give us supporting documents depending on your circumstances. You may need to have your documents translated. If they are not in English we can translate it for free.

For more information in English about what documents you may need, go to servicesaustralia.gov.au/enrolling-medicare

Medicare card

You will get a Medicare card in the mail when you are enrolled. We will send it to the address you give us. You can also get a digital copy of your Medicare card. You will need to sign into the Express Plus Medicare mobile app to access it.

For more information in English about the Express Plus Medicare mobile app, go to servicesaustralia.gov.au/expressplusmedicare

To use the apps, you need a myGov account linked to your Medicare online account. If you do not have these, set them up and then download the apps.

You need a valid Medicare card to:

- claim Medicare benefits
- visit a doctor who bulk bills
- get treated as a public patient in a public hospital
- get some medicines at a lower cost.

Your Medicare card can also help if you are a private patient getting treatment in a public or private hospital.

We can issue a maximum of 2 cards to a family. If you are 15 or older, you can get your own Medicare card.

If your Medicare card is lost or stolen, you can get a new one using your Medicare online account or the Express Plus Medicare mobile app.

For more information in English, go to servicesaustralia.gov.au/medicarecard

Register your bank account details

We need your bank account details to pay your Medicare benefits to you. If we don't have your details, we'll hold your benefit until you tell us.

You can register your bank account details using:

- your Medicare online account through myGov
- the Express Plus Medicare mobile app.

You need to:

- have your Medicare card and bank account details (BSB, account number and account name) with you when you register
- let us know if your details change.

For more information in English, go to servicesaustralia.gov.au/medicareservices

Claiming

You can claim for health care services for anyone listed on your Medicare card.

Staff at your doctor's office can submit the claim on your behalf if they offer electronic claiming. If your doctor's office cannot submit the claim on your behalf, you can submit a claim:

- using your Medicare online account through myGov
- using the Express Plus Medicare mobile app
- in person at a service centre
- by post by completing a Medicare Claim form (MS014).

You can also claim for someone on another Medicare card if you have paid for the service. You cannot do this online.

To find out more about claiming options in English, go to servicesaustralia.gov.au/medicareclaiming

Reciprocal Health Care Agreements

Medicare does not cover treatment when you go overseas. However, the Australian Government has signed Reciprocal Health Care Agreements (RHCA) with some countries to cover Australians for the cost of essential medical treatment while they are visiting those countries.

Visitors from those countries may also be able to get some health services and cheaper medicines when they are in Australia.

To find out more about the RHCA in English, go to servicesaustralia.gov.au/rhca

Medicare self service

It is easy to do business with us anytime and anywhere. You can do most things quickly and easily without needing to call or visit us.

Use your Medicare online account and Express Plus Medicare mobile app to make a claim, update your personal and bank details or request a replacement or duplicate Medicare card. You can also view immunisation statements and much more.

Medicare online account

You can register for a Medicare online account through myGov. It is a secure way for you to do your business with Medicare when and where it suits you.

To find out how to register in English, go to servicesaustralia.gov.au/medicareonline

Express Plus Medicare mobile app

You can also do many things using the Express Plus Medicare mobile app. Once you have a Medicare online account, you can download the app from the App Store, Google Play or the Windows Store.

To find out more about the app in English, go to **servicesaustralia.gov.au/expressplus**

For more information

- Go to **servicesaustralia.gov.au/medicareservices** for more information in English
- Go to **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** where you can read, listen to or watch information in your language
- Call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services
- Call **132 011** for Medicare and **131 272** for Child Support. Let us know if you need an interpreter, and we will arrange one for free
- Visit a service centre.

Note: calls from your home phone to '13' numbers from anywhere in Australia are charged at a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers. Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.

Disclaimer

The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services. It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application with regard to your particular circumstances.